



NEW MUSLIM
ACADEMY

Ang Ramadan at ang Qur'an: Isang Buwan ng Pagpapagaling para sa Puso ng Bagong Muslim



Ang Ramadan ay Hindi Lamang Para sa Perpekto


Maraming bagong mga Muslim ang umaabot sa Ramadan ng may halong pananabik, takot, at pagkabalisa. Tuwang-tuwa dahil parang may isang bagay na sagrado na sa wakas ay nagbubukas. Takot at pagkabalisa dahil parang alam na ng lahat kung paano ito gawin.

Maaaring iniisip ng isa:

- 🕌 “Nag-aaral pa ako.”
- 🕌 “Hindi pa sapat ang aking espirituwalidad.”
- 🕌 “Hindi ako matatag.”
- 🕌 “Nagkamali ako.”
- 🕌 “Nabibilang ba ako sa buwang ito?”

Ang Ramadan ay hindi isang gantimpala para sa mga walang kapintasan kundi isang biyayang nakapagpapagaling para sa mga nahihirapan.

Ito ay isang buwan para sa mga pusong pagod, nabibigatan, umaasa, wasak, bumabalik, natututo, at umuunlad. Ito ay isang buwan kung saan tinatawag ka ng Allah ng mas malapit, hindi dahil sa ikaw ay perpekto, kundi dahil kailangan mo Siya.




Ang Ramadan ay isang Buwan ng Pagbabalik-loob, Hindi Pagtatanghal

Ang Ramadan ay hindi kailanman nilayon na maging isang perpektong pagtatanghal. Hindi ito tungkol sa pagpapakapagod at pagpapahirap sa iyong sarili. Ito ay tungkol sa pagbabalik-loob sa Allah nang may katapatan. Ito ay isang buwan kung saan ang puso ay mas madaling lumambot, kung saan ang buhay ay bumabagal, kung saan ang kaluluwa ay naaalala kung para saan ito nilikha.

Kahit na bago ka pa lamang, nahihirapan, o maaaring nakakaramdam na napag-iiwanan, ang Ramadan ay para pa rin sa iyo.

“Hangad ng Allah na ito ay gawing magaan para sa inyo at hindi Niya hangaring ito ay gawing mahirap para sa inyo.” (2:185)

Ang Ramadan ay naglalayong magbigay sa atin ng tulong, hindi durugin tayo ng kahirapan.



The Quran is the Center of Ramadan

Ang Ramadan ay hindi pangunahing buwan ng kagutuman – ito ang buwan ng Qur'an. Inihahanda ng pag-aayuno ang puso, at pinapalusog ito ng Quran.

Iniugnay mismo ng Allah ang Ramadan sa Pahayag na:

“Ang buwan ng Ramadan ay siyang buwan kung saan ipinahayag ang Qur'an, bilang patnubay para sa sangkatauhan...” (Quran, 2:185)

Ang mga bagong Muslim ay maaaring makaramdam minsan ng takot sa Qur'an, ngunit ang Qur'an ay hindi ipinahayag upang mangibabaw. Ito ay ipinahayag upang gabayan ng dahan-dahan at unti-unti.

Ang Qur'an Bilang isang Lunas

Narito ang isa sa pinakamagandang katotohanan: Ang Qur'an ay hindi lamang nagtuturo, ito rin ay nagpapagaling.


Malinaw na inilalarawan ito ng Allah:

"Ipinadala Namin mula sa Qur'an ang nakapagpapagaling at habag para sa mga mananampalataya." (Quran, 17:82)

Pagpapagaling mula sa ano?

- 🕌 Pagkabalisa.
- 🕌 Kalungkutan.
- 🕌 Panghihinayang.
- 🕌 Espirituwal na kawalan.
- 🕌 Isang mabigat na nakaraan.
- 🕌 Isang pusong hindi mapakali.

Ang mga epekto ng Qur'an ay pumapasok sa mga lugar na hindi mo maipaliwanag sa mga tao dahil direkta itong nagsasalita sa mga nakatagong sakit.



Lunas mula sa Pakiramdam ng Labis na Kabigatan at Espirituwal na Pagkapagod

Marami sa atin na may maraming responsibilidad ay papasok sa Ramadan na pagod na pagod: Mahirap ang trabaho, mabilis ang buhay, at ang pananampalataya ay parang isa pang responsibilidad. Maaaring mag-alala ang isa: "Hindi ko magagawa ng tama ang Ramadan."

Ngunit ang Ramadan ay hindi tungkol sa paggawa ng lahat. Ito ay tungkol sa paggawa ng iyong makakaya ng may katapatan. Ang Qur'an ay ipinahayag sa loob ng dalawampu't tatlong taon, hindi sa isang gabi. Ang iyong pag-unlad ay magiging unti-unti rin. Ang ilang mga talata ng Qur'an na may pagninilay para sa isang indibidwal ay maaaring maging mas makapangyarihan kaysa sa mga pahina ng walang mapagmalasakit na presensya.

Hindi natin dapat hanapin ang pagiging perpekto, kundi ang koneksyon.



Kahit na ito ay:

-  Isang maikling kabanata sa isang araw.
-  Sampung minuto ng tahimik na oras sa Qur'an .
-  Pakikinig sa pagbigkas ng Qur'an habang nagbibiyahe.
-  Pagbabasa ng pagsasalin nang may kahulugan.

Ito ay tunay na lunas.

Ang ilang mga bagong Muslim ay kadalasang nagdadala ng tahimik na kalungkutan dahil maaaring hindi maintindihan ng pamilya, maaaring lumayo ang mga kaibigan, at maaaring makaramdam ng hindi pamilyar ang lokal na komunidad. Maaaring palakasin ng Ramadan ang pakiramdam na ito.

Ngunit ipinapaalala sa iyo ng Allah: Hindi ka kailanman nakakubli.

“Kapag tinanong ka ng Aking mga lingkod tungkol sa Akin, tunay na Ako ay malapit.” (Quran, 2:186)



Isang magandang paalala na lumalapit ang Allah sa taong nakakaramdam ng malayo sa pamamagitan lamang ng pagtawag sa Kanya. Kahit na walang sinuman sa iyong paligid ang maaaring lubos na nakakaintindi sa iyong paglalakbay, ang Allah ay nakakaintindi.

Ang ilang mga bagong Muslim ay may dalang bigat sa damdamin sa:

-  Mga nakaraang pagkakamali.
-  Mga dating pagkakakilanlan.
-  Mga alaala kung sino sila dati.
-  Takot na sila ay hindi "sapat na malinis".

Ang Qur'an ay may kasamang makapangyarihang mensahe: Ang iyong nakaraan ay hindi tumutukoy sa iyong kinabukasan. Ang Allah ang Siyang lubos na nagpapatawad.

"Sabihin: O Aking mga lingkod na nagkasala sa kanilang sarili, huwag kayong mawalan ng pag-asa sa habag ng Allah ..." (Quran, 39:53)

Mga Praktikal na Kagawian sa Quran

Narito ang ilang simple at praktikal na paraan upang iyong gawing kasama ang **Qur'an ngayong buwan:**

1. **Magsimula sa Maikli, Manatiling Tuloy-tuloy:** Kahit isang pahina ay makabuluhan.
2. **Magbasa nang may Pagsasalin:** Ang pag-unawa ay nagpapatibay ng ugnayan.
3. **Makinig Araw-araw:** Hayaang punuin ng Qur'an ang iyong kapaligiran.
4. **Magtabi ng isang "Talaan na Nagpapagaling:"** Sumulat ng isang talata na nakakaantig sa iyo bawat araw.
5. **Gumawa ng mga Pagsusumamo gamit ang mga Salita ng Qur'an:** Gawing personal na panalangin ang mga talata.

Kung ito ang makakamit mo sa Ramadan:

-  Isang mas malapit na ugnayan sa Allah.
-  Isang mas masayang puso.
-  Ilang talata na tutulong sa iyo.
-  Muling pag-asa.

Kung gayon, nagtagumpay ka. Ang Ramadan at ang Qur'an ay nakapagpapagaling.

 **NewMuslimPH**

 **newmuslimph**

 **newmuslimPH**

www.newmuslimacademy.ph